

ANG LABAN NG MGA ALIMANGO

Sa kaharian ng Baykasag, nahaharap ang mga residenteng alimango sa isang malaking suliranin.

Araw – araw inaatupag ng mga mamamayan ang kanilang mga gawain. Habang nag – aalaga ng mga anak at naghahanda ng kailangan ng pamilya ang mga babaeng alimango, nagtatrabaho at naghahanap ng pagkain naman ang mga lalaking alimango.

Ngunit gabi - gabi, naaabala ang kanilang pagtulog dahil sa ingay ng mga alon.

Sa simula, hindi ininda ng mga alimango ang ingay ng mga alon. Tiniis nila ito. Hindi nila pinapansin ang pagod dahil sa kakulangan ng pahinga at tulog.

Ngunit unti – unting nanghina ang mga alimango. Hindi na nila natatapos ang iba nilang gawain.

Isang araw, napansin ni Haring Lambayayung ang panghihina at pagbagal ng mga paggalaw ng mga naninirahan sa Baykasag. Kaya nagpatawag siya ng pulong.

“Napansin ko na unti – unti kayong nanghihina at wala nang gana sa pagpapabuti ng ating pamayanan. Ano ang dahilan ng inyong kapaguran?” pag – aalalang tanong ni Haring Lambayayung.

“Wala na kaming sapat na pahinga, Haring Lambayayung. Nagigising kami sa ingay at hampas ng mga alon.” paliwanag ng pinakamatandang alimango sa Baykasag.

“Ano kaya ang dapat nating gawin para malutas ang problemang ito?” dagdag ng hari.


“Dapat nating pigilan ang mga alon. Panahon na upang labanan natin ang paghampas at pag – iingay nito,” malakas na sagot ng mga nakatatandang alimango.

Nagkasundo ang lahat na maghanda ang lahat ng mga lalaking alimango para labanan ang mga alon.

Sa kanilang paglusob sa mga alon, nakasalubong nila ang mga hipon.

“Saan kayo pupunta mga kaibigang alimango at tila nagmamadali kayo?” tanong ng gulat na gulat na mga hipon.

“Pipigilin namin ang ingay ng mga alon. Lulusubin naming sila para payapa na ang aming gabi at tiwasay na ang aming pagtulog.” mabilis na tugon ng nasa unhang alimango.



“Maaari niyo ba kaming tulungan sa aming pakikipagbabag, mga kaibigang hipon?” pakiusap ni Haring Lambayayung.

Pumayag ang mga hipon sa pakiusap ng mga alimango. Naawa sila sa kalagayan ng Baykasag.

Sa di – kalayuan, nakita ng mga alimango ang pagdating ng malalakas na alon.

“Mga kasama, narito na ang mga alon. Ipakita natin ang tibay ng ating kahariang Baykasag. Talunin natin ang mga alon,” matapang na tugon ni Haring Lambayayung.


“Ano ang gagamitin ninyong sandata laban sa mga alon, mga kaibigang hipon?” balisang tanong ng mga alimango habang nakaharap sa mga hipon.

“Huwag kayong mag – alala kasi may mga ulo kami na parang sibat na parating nakaharap sa unahan.” sagot ng mga hipon na nanlalaki ang mga mata sa takot sa nakaambang hampas ng mga alon.

T-U-G-S-H!!!!Humampas ang mga alon sa lugar ng mga alimango habang nakatakbo palayo ang mga hipon.

T-U-G-S-H!!!!Tinangay ng mga alon ang lahat ng kanilang madaanan, Nabaon ang mga alimango sa buhangin.

Hindi naging sapat ang tapang ng mga alimango. Hindi napigilan ng mga lalaking alimango ang lakas ng hagupit



ng mga alon.

Nagtaka ang mga babaeng alimango kung bakit hindi bumabalik ang kanilang mga asawa. Sinundan nila ang kanilang mga asawa sa dalampasigan. Ngunit, naranasan din nila ang sinapit ng kanilang mga asawa. Naabutan sila ng mga alon, at nalunod silang lahat.

Nagsilbing mga saksi sa lahat ng nangyari ang mga hipon. Isinalaysay ng mga hipon sa mga natirang batang alimango ang sinapit ng kanilang mga magulang at lahat ng mga nakatatanda sa kaharian ng Baykasag.

Nalungkot ang mga batang alimango sa sinapit ng kanilang mga magulang. "Hu!hu!hu! Ano ang gagawin natin?", hikbi ng maliliit na alimango. Nagmadali silang pumunta sa dalampasigan upang tawagin ang kanilang mga magulang.

Kung hinahanap-hanap nila ang kanilang mga magulang, sinisubukan nilang sundan ang mga magulang sa dalampasigan ngunit hindi lumalapit sa alon para hindi maanud ng mga alon.

Ngayon, makikita pa rin ang maliliit na alimango na parang hinahabol ang mga alon. Nagbabasakaling mahanap ang kanilang mga magulang.

